## Mga Tauhan sa Paaralan ng inyong Anak

### School-Based Teaching Staff:

Karagdagan sa mga guro ng inyong anak, merong mga guro na may espesyal na kasanayan at nagbibigay ng suporta sa mga bata. Kasama sa suportang ito ay:

**1. English as a Second Language (ESL/ELL) at/o mga guro sa English Language Centre (ELC).**

- Ang mga guro na ito ay sanay na tumulong sa mga mag-aaral na hindi gumagamit ng Ingles bilang pangunahing wika.

- Itong mga guro na nakikita sa karamihan ng mga paaralan ay tumutulong sa mga mag-aaral na nagpapa-unlad ng kanilang kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat sa Ingles.

**2. Skills Development Centre (SDC) Teachers**

- Ang mga guro na ito ay sanay na magbigay ng suporta sa mga mag-aaral na nahihirapan.

- Sila ay tumutulong sa mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang suporta upang patibayin ang kakayahang akademiko.

- Sila rin ay tumutulong sa mga mga mag-aaral na ESL/ELL at nagbibigay ng patuloy na suporta sa pagpapaunlad ng wika.

### Non-Teaching School-Based Support Staff:

Ito ang mga tauhan na sanay sa pagbibigay ng espesyal na suporta sa mga mag-aaral.

**1. Special Education Assistants (SEAs)**

- Ang SEAs ay sanay sa pagtulong ng mga mag-aaral na nangangailangan ng espesyal na atensiyon at suporta.

- Sila ay katrabaho ng mga guro na deretsong sumusuporta sa mga mag-aaral.

- Kadalasan, sila ay tumutulong sa mga mag-aaral na mas may seryosong problema.

**2. Youth and Family Workers (YFWs)**

- Ang YFWs ay sanay sa pagbibigay ng suportang pang-sosyal at pang-emosyonal ng mga mag-aaral.

- Kadalasan, sila ay tumutulong sa mga mag-aaral at mga pamilya sa labas ng silid – aralan.

- Direkta silang tumutulong sa mga mag-aaral at mga pamilya at gumagawa ng pag-uugnay sa paaralan, komunidad ng paaralan, at ahensiya sa labas.

**“Who are the People in Your Child’s School?”**
***Secondary***

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.

Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

# Sino ang mga Tauhan sa Paaralan ng inyong Anak? Ano ang Kanilang Responsibilidad?



***Mataas na Paaralan***

Mga Tauhan sa Paaralan ng inyong Anak



*Ang mga guro sa silid-aralan ay katrabaho ng marami pang ibang mga tauhan sa paaralan ng inyong anak. Sinisiguro nila na ang inyong anak at lahat ng mga anak sa paaralan ay makabuo ng kanilang kasanayan sa abot ng kanilang makakaya sa loob ng kalugod-lugod at ligtas na kapaligiran.*

*Nag-iiba-iba ang mga taong sumusuporta sa inyong anak sa paaralan.*

## Administrasyon:

Ang mga principal at/o vice principals ay ang mga administrador ng paaralan. Minsan, tinatawag silang "Administrative Officers" o A.O.s.

Ang kanilang responsibilidad ay ang mga sumusunod:

- kalusugan at kaligtasan ng bawa't mag-aaral;
- siguraduhin na ang mga alituntunin ng British Columbia School Act* ay sinusunod;
- ang pagpatakbo ng paaralan at pagtakda ng pamamaraan;
- pakikitungo sa mga tauhan upang isakatuparan ang mga plano ng paaralan; at
- pagpulong ng mga magulang para siguraduhin ang paglahok nito sa mga desisyon ng paaralan.

## Administrative Assistants:

Mga sekretarya o Administrative Assistants ang katrabaho ng mga Administrators.

Ang kanilang responsibilidad ay ang sumusunod:

- tagapangasiwa ng lahat na gawaing sinusulat
- pagtulong sa mga administrators upang siguraduhin ang mahusay na pagpatakbo ng paaralan.
- pagsagot ng telepono at mga koreo o sulat
- pagtawag sa mga magulang kapag ang kanilang mga anak ay may sakit at kinakailangang sunduin ; at
- pagbigay ng "emergency first aid' kapag kinakailangan.

* Basahin ang brosyur na may titulong **British Columbia School Act.**

## Counsellors(Tagapayo):

Ang mga tagapayo ay mga guro na may karagdagang kasanayan sa unibersidad para maging karapat-dapat sila sa pagiging tagapayo.Mas maraming counselors sa mas malalaking mataas na paaralan.

Kasama sa kanilang responsibilidad ang:

- pagtulong sa mga mag-aaral na paunlarin ang kakayahang pang-sosyal, pang-emosyonal at pang-akademiko;
- pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagsosolba ng problema at paggawa ng desisyon;
- pagbibigay ng impormasyon tungkol sa karerang bukasyonal, at pagplano ng edukasyon;
- pagtulong sa mga mag-aaral sa pagpili ng mga programang-akademiko na sang-ayon sa abilidad at interes ng mag-aaral;
- pakikipag-pulong sa mga indibiwal na mag-aaral sa buong taon upang himukin silang makamit ang personal na potensiyal ;
- pagtulong sa pagkakakilanlan ng mga mag-aaral na may espesyal na kahirapan sa pag-aaral;
- pakikipagpulong sa mga mas nakatatanda na mag-aaral upang pag-usapan ang kanilang pang-edukasyon na progreso, interes sa karera at plano pagkatapos ng mataas na paaralan; at
- siguraduhin na ang mag-aaral ay may sapat na kreditong-akademiko para makapagtapos at/o matungunan ang mga kailangan sa unibersidad.

## Career Information Assistants:

Ang mga posisyon na ito ay nakikita sa ilan-ilang mataas na paaralan.

Kabilang sa kanilang responsibilidad ay ang sumusunod:

- pagiging susing mapagkukunan ng pagsasanay na pang-edukasyon at pang-karera;
- pagbibigay ng impormasyon sa mga mag-aaral tungkol sa iba't-ibang hanapbuhay at mga institusyon pagkatapos ng mataas na paaralan;
- pagtulong sa mga mag-aaral sa pagsulat ng resumes' at/o paghahanda para sa interbyu sa trabaho; at
- pagbibigay ng impormasyon sa mga mag-aaral tungkol sa pagboboluntaryo at pagkakataong makapagtrabaho.

## Katiwala ng Aklatan (Librarian):

Ang mga katiwala ng aklatan ay mga guro na may karagdagang pagsasanay sa unibersidad na magpatakbo ng silid-aklatan o library.

Ang kanilang responsibilidad ay:

- pagsuporta sa mga mag-aaral na pumupunta sa aklatan upang gawin ang mga takda na binibigay sa silid-aralan;
- pagturo o pakikipag-turo ng ilang bahagi ng kurikulum kasabay ng mga guro sa silid-aralan;
- pagtulong sa mga mag-aaral na naghahanap ng mga materyales na babasahin pang-akademiko at panlibangan; at
- panatilihin at dagdagan ang materyales na parte ng koleksiyon ng aklatan.